**Pamagat**: Jude (o Judas) Isang Pagpapakilala

**Bible Text**: Jude 1 "Jude, the servant of Jesus Christ, and brother of James, to them that are sanctified by God the Father, and preserved in Jesus Christ, *and* called:"

> ***Pagsasalin***: Si Judas, ang alipin ni Jesu-Cristo, at kapatid ni Santiago, sa kanila na pinaging-banal ng Dios na Ama, at priniserba kay Jesu-Cristo, at tinawag:

**Panimula**:

1. Ang sulat ni Judas ay isinulat upang magbabala tungkol sa mga bulaang guro na naghihimasok sa mga iglesia.
2. Bagamat kakaunti lamang ang sinabi tungkol sa nilalaman na kanilang katuruan, nagbibigay ang sulat ng malinaw na larawan ng kanilang pagkatao at mga pamamaraan: Sila ay mapangalunya (vv. 4, 7, 16) at mga taong mapag-imbot (vv. 11, 16), at mapaghimagsik sa mayawtoridad (vv. 8, 11). Mga mapagbulong, madaingin, lumalaban sila ayon sa kanilang masasamang pagnanasa (v. 16).
3. Gayon man ang kanilang huling wakas, ang hatol ng Dios, ay tiyak.
4. Nararapat lamang na ito ang aklat bago ang huling aklat ng Revelation – sapagkat ganito ang uri at ugali ng marami sa mga huling panahon.
5. Hindi mapalad na ang mga iglesia at mga Christiano ay tumalikod sa pananampalataya pero wala pong iksempsyon ang mga Christiano at mga iglesia sa ganitong pangyayari, kaya ito ang naging sulat ni Judas para sa ikabubuti ng lahat.

## I. Ang Manunulat

A. Sa Bagong Tipan mayroong anim na tao na ang pangalan ay Judas.

1.) Judas na kapatid ni Apostol Santiago (Lk. 6:16; Acts 1:13). 2.) Judas Isacriotes (Matt. 10:4; Mk. 3:19). 3.) Judas ng Galilee (Acts 15:37). 4.) Judas ng Damascus (Acts 9:11). 5.) Judas Barsabas (Acts 15:22, 26-27, 32). 6.) Judas na kapatid ni Santiago at parehas silang kalahating kapatid ni Jesus (Matt. 1:25; 13:55,56).

B. Hindi siya ang Judas na Apostol kasi sa v. 17,18: "…ng mga apostol…kung paanong sinabi NILA sa inyo…"

C. Binaggit niya na siya ay kapatid ni Santiago. Si Santiago ay ang pastor ng church sa Jerusalem. At malamang itong si Judas ay naglilibot na mangangaral (1 Cor. 9:5).

D. Ang istilo nila Judas at Santiago ay magkapareho: diretso, mala-tula, binabanggit ang mga kalikasan). Sila ay tunay na magkakapatid at dumating sila sa pananampalataya noong si Jesus ay muling nabuhay. (John 7:5; 1 Cor. 15:7; Acts 1:14)

## II. Ang mga Tagapagtanggap

A. (v.1) – sa kanila na "pinaking-banal," "priniserba," at "tinawag."

B. Ito ay Pangkalahatang Liham para sa lahat ng mga iglesia at mga Christiano.

C. (v.3) – karaniwang kaligtasan – common salvation: "iisang kaligtasan"; "kaligtasang tinanaggap nating lahat."

## III. Ang Okasyon o Dahilan sa Pagsulat

A. Nilayon niya na magsulat patungkol sa "common salvation" (v.3a)

B. Kaya lang, nangailangan siyang magsulat para tumawag siya na mag-armas ang mga mananampalataya, at inuudyok niya tayo na "masikap na ipaglaban ang pananampalataya" (v.3b)

## IV. Ang Nangingibabaw na Tema

A. Contend – Makipaglaban.

B. Ang Pananampalataya ay isang beses na ibinigay, pero ilang beses na dapat ipagtanggol.

C. Ang espiritu natin sa pakikibaglaban ay Christian at hindi makamundo.

(2 Tim. 2:24; Jude 9).

## V. Ang Key Verse : Jude 3. Ang "contend" ay nangangahulugang: paghirapan at pagsikapan.